REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-13**

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY (LLDA) NA GUMAWA NG HAKBANG UPANG ANG NASARAHANG DAANAN NG MGA BANGKA (NAVIGATIONAL ROUTE) PATUNGO SA LAOT NG LAWA NG LAGUNA SA MAY BARANGAY PUTATAN AY MABALIK O MABUKSAN PARA MAGINHAWAHAN ANG MGA NAGLALAKBAY AT MGA MANGINGISDA.**

********************************************************************

**Ipinanukala ni : KON. ROMAN E. NIEFES**

********************************************************************

**SAPAGKAT,** malaking pinsala ang naidudulot nang pagkakasara ng nasabing daan (navigational route) sa mga nangangalakal na nagbubuhat sa ibang bayan katulad ng Hanusa sa Isla ng Talim;

**SAPAGKAT,** ang pagkakasara ng daanang patungo sa laot ng Lawa ng Laguna ay labis na nakapipinsala sa mga taga Barangay Putatan lalong-lalo na yaong namamalakaya sa lawa;

**SAPAGKAT,** napipigil nito ang pagsuba o pagdaong ng mga isda sa lugar ng pangisdaan ng mga mamamalakaya ng Putatan;

**SAPAGKAT,** ang lahat ng lumalagong water lily sa tabing lawa sa Barangay Putatan ay walang labasan bagay na nagdudulot ng hirap sa mga magbabaklad;

**SAPAGKAT,** ang lahat ng barangay sa bayan ng Muntinlupa ay mayroong daanan, maliban sa Barangay Putatan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ay pinagpasiyahan na hinihiling ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa Laguna Lake Development Authority (LLDA) na gumawa ng hakbang upang ang nasarahang daanan ng mga bangka (navigational route) patungo sa laot ng lawa ng Laguna sa may Barangay Putatan ay mabalik o mabuksan para maginhawahan ang mga naglalakbay at mga mangingisda at pinagpasiyahan pa rin na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang LLDA para sa kanilang kaukulang pagkilos at pagpapatupad.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**PINAGPASIYAHAN** ngayong ika-14 ng Setyember, 1992 sa pang 10th pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ginanap sa Silid Pulungan ng People's Center.

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Kagawad**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**

**PINATUTUNAYAN :**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**

**PBS/cpa.**